




MUSIKA AT KAMALAYAN SA PANAHOON NG PANANAKOP

Ramon P. Santos

Raul Navarro, *KOLONYAL NA PATAKARAN AT ANG NAGBABAGONG KAMALAYANG PILIPINO*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2007.

Sa gitna ng pagkadahop sa mga makabuluhang sulatin hinggil sa sining sa Pilipinas, isa na namang seryosong aklat ang nailunsad na nagpapaksa sa isang aspeto ng musika sa kasaysayan ng Kapilipinuhan. Sanhi ito ng pagpupunyagi ni Raul Navarro, may-akda ng *Kolonyal na Patakaran* at sa pagkakalimbag ng Ateneo de Manila Press.

Tuwing sasapit ang ganitong pagkakataon (na hindi naman kalimitan), nauukilkil ang higit na malalim na kahulugan ng musika at iba pang gampanang sining tulad ng sayaw, teatro, at iba pa. Sa kabila ng popular na tingin sa mga sining na ito bilang pang-alihw at palamuti sa pang-araw-